# Ito ay ang naipandadalisay ang tubig nito, ang ipinahihintulot ang patay nito."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: May nagtanong na isang lalaki sa Propeta (s) sapagkat nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, tunay na kami ay sumasakay sa [sasakyang] dagat at nagdadala kasama namin ng kaunting tubig. Kaya kung magsasagawa kami ng wuḍū' sa pamamagitan nito, mauuhaw kami. Kaya magsasagawa po ba kami ng wuḍū' mula sa dagat?" Nagsabi ang Sugo ni Allāh (s): "Ito ay ang naipandadalisay ang tubig nito, ang ipinahihintulot ang patay nito."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, Imām An-Nasā'īy, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

May nagtanong na isang lalaki sa Propeta (s) sapagkat nagsabi ito: "Tunay na kami ay sumasakay sa mga daong sa dagat para sa pangingisda o pangangalakal at ng nakawangis niyon at nagdadala kasama namin ng kaunting tubig na naaangkop para inumin. Kaya kung gagamit kami ng tubig na pang-inom para sa pagsasagawa ng wuḍū' at paghuhugas, mauubos ito at hindi kami makatatagpo ng iinumin. Kaya pinapayagan kaya sa amin na magsagawa kami ng wuḍū' mula sa tubig ng dagat?" Kaya nagsabi ang Propeta (s) tungkol sa tubig ng dagat: "Ang tubig nito ay dalisay na nakapagdadalisay. Pinapayagan ang pagsasagawa ng wudu mula rito at ang pagpaligo nito. Ipinahihintulot ang pagkain ng lumalabas mula rito na mga isda, mga balyena, at iba pa sa mga ito, kahit pa natagpuan ang mga ito na lumutang na sa ibabaw nito nang hindi pinangisda."